

DOST-ITDI kabilang sa 2016 R&D 100 Awards finalists

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII



Ang OL Trap ay isang anti-dengue device na naglalayong pigilin ang pagdami ng *Aedes aegypti* na kilalang tagapagdala ng dengue virus, sa pamamagitan ng pagpatay sa mga larva at itlog nito.



Ang ready to eat (RTE) chicken arroz caldo ay mainam na disaster relief food para sa mga biktima ng kalamidad at maging ang mga rumiresponde sa mga rescue mission. (Larawan mula kay Ceajay Valerio, S&T Media Service, DOST-STII)

Muling kinilala and kontribusyon ng Department of Science and Technology-Industrial Technology Development Institute sa larangan ng pagsaliksik at pagdedebelop matapos mapabilang ito sa listahan ng 2016 R&D 100 Awards.

Ayon kay Bea Riemschneider, editorial director ng ABM Science Group ng R&D Magazine na nagbibigay-pugay sa 100 na pinaka inobatib na teknolohiya at serbisyo ng nakaraang taon, "by becoming an R&D 100 Award Finalist, your institution is now a member of a select R&D community recognized for their excellent contributions to advancing science and technology."

"You should be very proud, indeed, of your exemplary R&D achievements and the teams that are responsible for these new products," dagdag pa ni Riemschneider.

Ang mga produkto sa ilalim ng process/prototyping category na pumukaw sa atensyon ng nasabing magazine ay ang mga sumusunod:

OLTrap

Ito ay idinebelop upang bigyan ng karampatang solusyon ang pagtaas ng mga

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

"Feminized" karpa, indikasyon ng polusyon sa lawa	p3
"DOST success story," inilunsad ng DOST.....	p3
Galvez, bagong DOST Assistant Secretary	p4
LarawaNews.....	p4

Financial Literacy para sa mga imbentor, hatid ng DOST

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII

Malaki ang tulong ng imbensyon sa bawat isang mamamayan sapagkat sa pamamagitan ng mga makabagong imbensyon ay napadadali nito ang mga gawain.

Para sa mga imbentor, ang makagawa ng isang imbensyon ay isang tagumpay na mayroong kaakibat na malaking kita. Subalit, kahit na sila ay henyo sa larangan

ng imbensyon, malaki naman ang posibilidad na sila ay mahina sa aspeto ng paghawak ng kanilang pananalapi.

Kaya naman, ang Department of Science and Technology-Technology Application and Promotions Institute ng Department of Science and Technology (DOST-TAPI) ay nagsagawa ng dalawang araw na

sundan sa pahina 2

DOST-ITDI kabilang...

Mula sa pahina 1

kasong may kinalaman sa dengue virus na dala ng lamok na *Aedes aegypti*. Sa pamamagitan ng OL Trap ay nakontrol ang pagdami ng populasyon ng lamok sa pamamagitan nang pagpatay sa mga itlog nito bago pa man ito maging lamok.

Ang OL Trap ay matagumpay na nairollout sa publiko at naisa-komersyo. Dahil sa tagumpay ng nasabing produkto ay nagkaroon din ng iba pang mga inisyatiba ang pamahalaan upang makakalap ng mga mahahalagang impormasyon sa dengue virus gamit ang mga OL Trap.

Pack of Hope

Samantala, dahil ang bansa ay laging

dinadalaw ng mga malalakas na bagyo at iba pang mga sakuna, ang DOST-ITDI ay gumawa ng isang ready-to-eat Chicken Arrozcaldo bilang isang mahusay na disaster relief food para sa mga biktima at maging sa mga rumiresponde sa mga rescue mission kapag mayroong kalamidad.

Para sa mga Pilipino, ang Arrozcaldo ay isang mainam na pagkain para sa mga may karamdaman.

Ang Pack of Hope ay kabilang sa first-stage-disaster-food na ang ibig sabihin ay maaring kainin ng hindi kinakailangang lutuin. Ito ay nakalagay sa isang easy-to-open-stand-up retort pouch at maaaring iimbak sa pangmatagalang panahon.

Sa kasalukuyan, ang produkto ay nagdaan sa masusing field test at validation at matagumpay nang naibabahagi sa mga disaster relief operation ng mga local government unit.

Ang R&D 100 Awards ay tinagurian ding "Oscars of Invention" na kung saan ay kinikilala ang mga pinaka inobatib na teknolohiya at mga serbisyo.

Ang mga finalist ay pinipili sa pamamagitan ng higit sa 50 na mga hurado mula sa iba't ibang industriya at pangunahing R&D institution. Ang mga ito ay pinipili base sa kahalagahan ng produkto, gamit at ang kaibahan nito sa mga produkto o serbisyong nasa merkado. (Impormasyon mula kay Violeta B. Conoza, DOST-ITDI)

Financial literacy...

Mula sa pahina 1



forum at workshop na pinamagatang "Entrepreneurship and Financial Management for Inventors". Ito ay sa pakikipagtulungan ng Filipino Inventors Society, Inc.

Ang nasabing forum ay kasabay din ng ika-73 Annual National Inventors Week na nagsimula noong Nobyembre 14-18, 2016 sa DOST Compound, Bicutan, Taguig City.

Tampok sa nasabing financial workshop si G. Edwin M. Suson, associate professor ng College of Business Administration ng University of Santo Tomas at financial

advisor at trainer.

Ilan sa mga karunungan ibinahagi ni G. Suson ay ang mga sumusunod: financial planning process, setting financial goals, budgeting and financial strategies, prudent resource utilization, investing in mutual funds and other high-yielding financial instruments, wealth creation through asset management, at marami pang iba.

Samantala, si G. Generoso S. David, Department Manager ng Land Bank of the Philippines ay ibinahagi ang kanyang

kasanayan sa fund sourcing. Aniya, maraming paraan upang ang isang imbentor ay makakuha ng tulong mula sa nasabing institusyon.

Ang DOST-TAPI ay ang ahensiya ng pamahalaan na naatasan upang bigyan ng tulong ang mga lokal na imbentor na linangin ang kanilang mga imbensyon sa pamamagitan ng iba't ibang tulong mula prototyping, financial assistance hanggang sa pagsasa-komersyo ng produkto o serbisyong hatid nito. (Impormasyon mula kay Rodolfo P. De Guzman, DOST-STII)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

MA. JUDITH L. SABLAN

Proofreader

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Renewable Energy mula sa papatong materyales, hatid ng DOST

Ni Joy M. Lazcano, DOST-STII



Ipinakilala ng isang kumpanyang gumagawa ng asukal ang pasilidad na kayang makagawa ng “renewable energy” mula sa mga patapong materyales na nagmumula sa pabrika ng asukal.

Ang Red Brown Sugar Milling Company mula sa Pamplona, Negros Oriental ay gumagamit ng Fluidized Bed Gasification (FBG) system na ipinakilala ng Department of Science and Technology- Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI) na pinapalitan ang biomass upang

panggalingan ng renewable energy.

Ang mga patapong materyales mula sa mga pananim ay pinanggagalingan ng enerhiya kapag ito ay sinusunog sa FNG system. Matapos ang nasabing proseso, ang mga materyales na ito ay nagiging hydrogen at kapag dinagdagan pa ng carbon dioxide, dito na nag-uumpisa ang gasification stage ng materyales.

Ayon kay Atty. Alejandro Florian O. Alcantara, presidente at CEO ng nasabing kumpanya, dahil dito ay nabigyan ng sapat na kuryente ang pabrika na nagdulot

ng malaking pagbaba ng konsumo ng elektrisidad ng planta.

“I see several advantages to powering our turbines with synthetic gas produced by ITDI’s FBG System. These are 100 percent reduction of our agricultural wastes, production of our monthly electricity requirement at no cost, and significant reduction of gaseous pollutants due to the near-zero combustion process of the FBG System,” paliwanag ni Atty. Alcantara.

Ang FBG system ay kayang makagawa ng 40% ng kabuuang pangangailangan ng elektrisidad. Ang planta ay nakagagawa ng 1,100 tonelada ng puro at unrefined na muscovado kada taon. Ang muscovado ay nagmumula sa sariwang tubo na hindi ginagamitan ng pampaputi.

Ayon kay Engr. Apollo Victor Bawagan ng DOST-ITDI at pinuno ng pangkat na gumawa ng FBG system, ang gasification ng biomass ay galing sa tubo ay mistulang walang pagkasunog na nagaganap sa proseso nito.

Samantala, ang DOST Region VII na nakasasakop sa nasabing lalawigan, sa pamamagitan ng Negros Oriental Provincial Science and Technology Center, ay naglaan ng P990,000 mula sa Grants-In-Aid project na kinabibilangan ng disenyo, pabrikasyon at pagkabit, pagsusuri at pagwawasto ng mga kagamitan.



S&T drama sa radyo: Mga kwento ng tagumpay

Ni Karl Raven A. Ramon, DOST-STII



sa radyo upang magbigay ng mas malawak na diskusyon hinggil sa kuwento o ang teknolohiyang itinatampok.

Ang “Handog ng Agham para sa Bayan” ay



mapakikilingan tuwing Linggo mula alas kwatro hanggang alas-singko ng hapon sa Radyo Henyo nina Angelo Palmones at Ruby Cristobal sa DZRH, 666 sa talapihitan ng radyo.

It ay mapakikilingan din sa DZRH Audio Livestream at mapanood sa DZRH News Television sa Youtube.

Abangan ang mga tampok na kuwento ng Pisay Scholar (Philippine Science High School) (Oktubre 23), Carageenan o ang plant food supplement para sa palay (Oktubre 30), DIWATA “Ang kauna-unahang Philippine microsatellite” (Nobyembre 6), National Invention Contest and Exhibit winners (Nobyembre 13), SETUP beneficiary (Nobyembre 20), Storm Chaser (Nobyembre 27), BEST SETUP ADOPTER 2016 (Disyembre 4), RxBox (Disyembre 11), Nutridense Food Manufacturing Corporation (Disyembre 18), STARBOOKS (Disyembre 25), JUAN TIME (Enero 1), OL Mosquito TRAP (Enero 8), at Project NOAH (Enero 15).

Inilunsad kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST) ang kauna-unahang Science and Technology (S&T) radio drama series na nagtatampok ng mga success story ng mga imbentor, siyentipiko, researcher, SME at maging ang mga teknolohiya at programa ng nasabing kagawaran.

Layon ng nasabing programa sa radyo na maipaabot sa publiko ang mga proyekto at programa ng DOST upang makatulong na maiangat ang pamumuhay ng mga Pilipino

sa pamamagitan ng S&T. Ang drama sa radyo na pinamagatang “Handog ng Agham para sa Bayan” ay kapupulutan ng mga mahahalagang aral, impormasyon at mga mahahalagang kaalaman hinggil sa agham at teknolohiya na maaaring makatulong sa mga nakikinig sa programa.

Sa nasabing pagtatanghal sa radyo, bibida si “Inno” (pina-ikling salita para sa innovation) bilang tagapagsalaysay ng mga kuwentong kikiliti sa imahinasyon ng mga nakikinig.

Mayroon ding live na panayam sa mga personalidad na itinatampok sa nasabing drama

LarawaNEWS



Mariing nakikinig si fashion designer Vince Tolentino, (pangatlo mula sa kanan) habang ibinabahagi ng mga manghahabi sa katatapos lamang na forum upang palakasin ang industriya ng lokal na tela sa pamamagitan ng science and technology. Ang nasabing pagtitipon ay inihatid ng Philippine Textile Research Institute ng Department of Science and Technology na ginanap sa Makati Palace Hotel. Dinaluhan ng mga kilalang designer at manghahabi ang nasabing pagtitipon upang pag-usapan ang mga oportunidad sa labas ng bansa. (Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII)